

Dapat Manatiling Nakikipag-ugnayan sa FEMA ang mga Nakaligtas sa Florida Hurricane

Release Date: Nobyembre 18, 2024

TALLAHASSEE, Florida - Pagkatapos kang mag-apply para sa pederal na tulong sa sakuna, mahalaga na makontak ka ng FEMA. Tandaan na ang mga tawag sa telepono mula sa FEMA ay maaaring magmula sa hindi nakilala o wala sa mga area number.

Kung may mga pagbabago sa iyong numero ng telepono, kasalukuyang address, impormasyon sa bangko o seguro, mangyaring ipaalam sa FEMA sa lalong madaling panahon o maaari mong hindi matanggap ang mga mahahalagang tawag sa telepono o sulat.

Maaaring kailanganin ng FEMA na tawagan ang ilang mga nakaligtas upang maipagpatuloy ang pagproseso ng kanilang aplikasyon para sa tulong pagkatapos ng mga Hurricane Milton at Helene. Maaari ring makipag-ugnayan sa FEMA ang ilang mga nakaligtas upang makakuha ng karagdagang impormasyon para sa kanilang aplikasyon.

Maaari mong i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa maraming paraan: Pumunta online sa DisasterAssistance.gov, bisitahin ang [Sentro ng Pagbawi ng Sakuna](#) o tumawag sa **800-621-3362**. Ang mga linya ay bukas araw-araw at magagamit ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng isang relay service, caption na telepono o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon.

Hindi kailanman naniningil ang mga kinatawan ng FEMA para sa tulong sa sakuna, inspeksyon o tulong sa pagpuno ng mga aplikasyon. [Ang kanilang mga serbisyo ay libre](#). Huwag maniwala sa sinumang nangangako ng grant sa sakuna bilang kapalit ng kabayaran.



FEMA

Page 1 of 2

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Hurricane Milton, bisitahin ang fema.gov/disaster/4834. Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Helene, bisitahin ang fema.gov/disaster/4828. I-follow ang FEMA sa X sa x.com/femaregion4 o sa Facebook sa facebook.com/fema.

###

Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang at pagkatapos ng mga sakuna.

Nakatuon ang FEMA na tiyakin ang tulong sa sakuna ay natutupad nang pantay, nang walang diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, nasyonalidad, kasarian, oryentasyong sekswal, relihiyon, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Ang sinumang nakaligtas sa sakuna o miyembro ng publiko ay maaaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA kung nararamdaman nila na mayroon silang reklamo ng diskriminasyon. Ang Opisina ng Karapatang Sibil ng FEMA ay maaaring kontakin sa FEMA-OCR@fema.dhs.gov o toll free sa 833-285-7448



FEMA

Page 2 of 2